

TUBERKULOSIS (TB) ay nakakahawang sakit

End TB

# Ang iyong kaalaman ay proteksyon sa sakit na TB



Sultanate of Oman - Ministry of Health
Directorate General of Primary Health Care
Directorate General for Disease Surveillance & Control

World Health Organization
Sultanate of Oman



## ANO ANG TUBERKULOSIS?

Ang tuberkulosis ay isang nakakahawang sakit sanhi ng mikrobyo na madalas na nakakahawa sa mga tao sa pamamagitan ng hangin. Kapag ang mikrobyo ay umatake sa ating baga o pulmon, ito ay tinatawag na “LUNG TB” subalit kapag ito ay umatake sa ibang parte ng ating katawan tulad ng bato, gulugod at utak, ito ay tinatawag na “EXTRAPULMONARY TB.”





## ANO ANG PAGKAKAIBA NG LATENT TB INFECTION .SA TB DISEASE

**LATENT TB:** Ang mikrobyo na nagsasanhi ng tuberkulosis ay nasa loob ng katawan ng tao ngunit hindi aktibo (natutulog) at walang sintomas at hindi nakakahawa sa iba. Ang taong may "latent TB" ay nangangailangang magamot upang mapatay ang mikrobyo sa loob ng kanyang katawan para maiwasan ang pagkakaroon ng "Sakit na TB".

**TB DISEASE:** Ang mikrobyo ng tuberkulosis ay aktibo at nagsasanhi ng simtomas ng sakit kapag ang natural na depensa ng katawan ng tao ay mahina dahil sa edad (katandaan) o may ibang problema sa kalusugan tulad ng diabetes, hindi nabigyan ng karampatang lunas para sa TB ng nakaraan, pag abuso sa paggamit ng ipinagbabawal na gamot o pag inom ng alak, HIV/ AIDS at malnutrisyon.



## PAANO KUMAKALAT ANG TUBERKULOSIS?

**Ang mikrobyo ng tuberkulosis ay kumakalat sa hangin sa pamamagitan ng paglipad ng mikrobiyo mula sa bibig o ilong ng pasyente na may "LUNG TB" habang ito ay umuubo, bumabahing, nagsasalita, tumatawa o kumakanta. Ang mga taong nakahalobilo ng matagal ng taong may impeksiyon tulad ng mga miyembro ng pamilya. mga kaibigan o katrabaho ay maaring mahawa kapag kanilang nalanghap ang mikrobyo.**

**Ang tuberkulosis ay hindi kumakalat sa pakikipagkamay, pakikibahagian ng pagkain o sa mga bagay na nahawakan ng taong may impeksyon tulad ng mga gamit sa bahay, inidoro at iba pa.**

**Ang taong may "Lung TB" ay maaaring makahawa sa iba ngunit ito ay hihinto sa pagkalat ng impeksiyon matapos mabigyan ng tamang lunas.**




## ANO ANG MGA SIMTOMAS NG ‘TB Disease”?

- Patuloy na pag-uubo ng mahigit sa dalawang lingo at hindi napapagaling ng normal ng paggagamot
- Pananakit ng dibdib
- Pag-ubo ng dugo o plema na may dugo
- Panghihina  at madaling pagkapagod
- Pagbabawas ng timbang
- Walang gana sa pagkain
- Panginginig/panlalamig at lagnat
- Pagpapawis sa gabi

## Ang sintomas ng “extrapulmonary tuberculosis” ay depende sa naapektuhang parte ng katawan ng tao tulad ng:

- Pamamaga ng mga kulani
- Pananakit at pamamaga ng kasukasuan
- Pananakit ng ulo , lagnat, paninigas ng leeg at antokin sa “TB meningitis”



## PAANO NASISIYASAT ANG TUBERKULOSIS?

**Ang manggagamot ay nag uutos ng mga pagsusuri upang patunayan ang sakit na tuberkulosis sa pamamagitan ng "X ray" at ibang pagsusuri ng dugo at pag eksamen sa plema.**

**Ang sinumang tao na may ubo na may dalawang linggo o mahigit pa ay nararapat ng bumisita sa "Health Center"**

**Ang tuberculosis ay may kalunasan, nagagamot at naiiwasang sakit.**




## PAANO NAGAGAMOT ANG TUBERKULOSIS?

- **Ang gamutan ay sa pamamagitan ng araw-araw at regular na pag inom ng grupo ng antibiotiko sa pangngalaga ng isang "health care worker" sa loob ng anim na buwan o mahigit pa. Ang gamutan ay dapat makumpleto kahit maayos na ang kalagayan ng pasyente.**

- **Ang paggagamot ng pasyente na may tuberkulosis ng baga ay nangangailangan na sya ay manatili sa isang hiwalay na silid sa pagamutan sa loob ng dalawang linggo hanggangsa hindi na ito nakakahawa ibang tao. Ang pasyente ay maaring bumalik sa normal niyang buhay pagkalabas ng pagamutan at ang pag inom ng gamot ay dapat na ituloy na may regular ng konsultasyon hanggang makumpleto ang paggagamot.**

- **Ang pasyenteng may tuberkulosis sa labas ng baga/pulmon ay hindi na kaailangang manatili ng ospital at ang gamutan ay maaring lumampas ng isang taon at dapat na mayroong regular na pagkonsulta sa doktor hanggang makumpleto ang gamutan.**

**Ang gamutan ng tuberkulosis ay libre para sa mga Omani at ibang lahi.**



## ANO ANG MAARING MANGYARI KUNG ANG PASYENTE AY TUMIGIL O DI REGULAR SA PAG INOM NANG GAMOT?

Ang pagtigil o di regular na pag inom ng gamot para sa tuberkulosis ay naglalagay sa mga kapamilya at komunidad sa panganib at maaaring mauwi sa pagkalat ng sakit. Ito ay kumikipkip ng posibilidad na maaring hindi na umepekto sa katawan ang mga gamot para nito at magiging mahirap ang gamutan na maaring ikalala ng kondisyon ng pasyente at maging sanhi ng kanyang pagkamatay.

## ANO ANG MGA DAPAT KONG MALAMAN TUNGKOL SA GAMOT NG TUBERKULOSIS?

Ang mga gamot ng tuberkulosis ay kadalasang ligtas ngunit maaaring magkaroon ng di kanais nais na epekto sa ibang tao at ito ay nangangailangan ng muling pagsisiyat ng manggagamot.

Ang paghihirap sa sakit na tuberkulosis ay hindi madali ngunit may mga kwalipikadong tauhang medikal na maaring mangalaga sa iyo



## ANO ANG MGA PARAAN UPANG MAIWASAN ANG TUBERKULOSIS?

- Iwasan ang matataong lugar at siguraduhin na maayos ang bentilasyon sa mga tahanan at mga lugar ng trabaho
- Siguraduhin ang wastong pangangalaga ng kalusugan upang maitaguyod ito at mapalakas ang depensa ng ating katawan tulad ng masusustansyang pagkain at ehersisyo
- Iwasan ang paninigarilyo lalo na ang shisha at alak
- Wastong pangangalaga ng personal na kalinisan at paghuhugas ng mga kamay
- Takpan ang bibig at ilong sa tuwing bumabahing o umuubo at iwasan ang pagdura kahit saan
- Siguraduhin na ang mga bata ay nabakunahan laban sa tuberkulosis ayon sa "routine immunization schedule" na nakasaad sa "pink card" ng bata
- Suriin lahat ng mga nakasalamuha (bata o matanda) ng pasyente at gamutin kung kinakailangan

**Alam ba ninyo?**
Ang bagong isinilang na sanggol, mga bata at matatanda ay may mataas na posibilidad na magkaroon ng "TB disease" kapag sila ay may TB na mikrobyo. Ito ay dahil ang natural na depensa ng kanilang katawan ay hindi ganuon kalakas.

# Ang iyong kaalaman ay proteksyon sa sakit na TB

2021
OmaniMOH
OmaniMOH
OmaniMOH
OmanHealth
مركز الاتصال وزارة الصحة
CONTACT CENTER MINISTRY OF HEALTH
24441999